

Diskurso ng Pagsusulatan ng Dalawang Binibining Urbana at Felisa

Urbana and Felisa: Discourse of Letters of Correspondence

Maria Fe G. Hicana
Technological University of the Philippines-Taguig
mariafegannaban@yahoo.com

Layunin ng pag-aaral na ito na maitampok ang diskurso ng pagsusulatan ng magkapatid na Urbana at Felisa sa deskriptibong pamamaraan. Sa ika-18 siglo naisulat ang akda kaya hindi mapapasubalian ang kalaliman ng pananagalog na ginamit na midyum sa pagsusulatan ng liham ng magkapatid na nasa magkaibang lugar: si Urbana ay nasa Maynila tulad ng ibinabadya ng kaniyang pangalang buhat sa “urban” at si Felisa naman ay nasa probinsiya na ang pangalan naman ay nangangahulugang “kasiyahan.” Inilatag sa pag-aaral na ginamit na midyum ang pagpapalitan ng liham ng magkapatid upang maghatid ng mga aral at kagandahang-asal na sinusunod at ipinasusunod alinsunod sa pamantayan ng lipunan noong panahong iyon.

Mga Susing Salita: diskurso, Urbana, Felisa, kagandahang-asal, pagsusulatan

This study aims to highlight the discourse of the Urbana and Felisa sisters in writing in a descriptive way. The book was written in the eighteenth century, ergo, the lexicon used were on the frozen level or mostly archaic: Urbana is in Manila which implies her name “urban” while Felisa was in the province and her name was derived from the word ‘felicity’ which means “happiness.” The study presented the teachings and etiquette that were followed and practiced according to the social norms of the time in the means of exchanging of letters of Urbana and Felisa.

Keywords: discourse, Urbana, Felisa, values, exchanging of letters

PANIMULA

Tungkol sa Awtor

Malaki ang papel na ginagampanan ng awtor sa kaniyang akda upang maitanghal ang mga nais niyang isiwalat sa paraan ng panulat. Kaugnay nito, masasalamang ang idyosinkretikong paraan ng panulat ng manunulat mula sa kaniyang obra. Ginamit ang pagsusulat ng magkapatid upang sa pamamagitan nito ay maghatid ng aral na nararapat sundin ng mga mamamayan alinsunod sa patakarang nais ipasunod lalo na ng simbahan noong panahong iyon na sa ikalabinwalong siglo ay mahigpit na ipinatutupad ang kautusan ng mga prayle.

Si Padre Modesto de Castro, ang awtor, ay isang paring Pilipino na isinilang sa Biñan, Laguna. Walang makatiyak ng araw ng kaniyang kapanganakan, ngunit sa aklat ng panitikan ni Lachica (1996), nakasaad na isinilang ang pari noong kalahati ng ikalabing-anim na dantaon. Nag-aral sa Colegio de San Jose, isang paaralan na pinangangasiwaan ng mga paring Heswita at pinagtapusan ng maraming bantog na pari dito sa Pilipinas. Naging kura sa Katedral ng Maynila at pagkatapos ay sa Naic, Cavite. Napabantog dahil sa kahusayang magsermon sa wikang Tagalog at sa kahanga-hangang pagbigkas nito at sa dakong huli ay dahil sa maririkit na akda sa wikang Tagalog. Kinilala siya ni Epifanio de los Santos—isa pang mamimitak sa wikang Kastila sa panahon ng manunuri at mananaysay bilang kumakatawan sa prosa tagala noong ika-19 na dantaon sa Panitikang Tagalog. Dahil sa pagkakasulat ng *Urbana at Felisa* ay tinagurian siyang “Ama ng Klasikong Tuluyang Tagalog.” Ikinapit naman ng ilang manunuri ng Panitikang Tagalog kay Padre de Castro ang pagkilala bilang “Hari sa Tuluyan.” Maliban sa *Urbana at Felisa* ay sumulat din siya ng “Coleccion de Sermones en Tagalo” (1864). Isa pang naging bantog na isinulat niya ay “Exposicion de las Siete Palabras.” Gayundin, sumulat siya ng isang nobela na nauukol kay San Isidro Labrador na patron sa bayan ng Biñan. Ayon sa pananaliksik ni Encarnacion Alzona (1895), ang “Platicas Doctrinales” na unang nilimbag noong 1855 ang unang akda ng pari at inulit lamang ito noong mga taong 1864 at 1878. Si Salvador Pons, sa kaniyang aklat na “El Clero Filipino,” ay nagpahayag na “itong aklat na Platicas kung saan ay patay na ang may-akda ay ginamit nang walang kapahintulutan ng

ilan sa mga prayleng Kastila na nagpipilit sumulat sa wikang hindi nila sarili.

Tungkol sa Aklat

Ang pagsipat sa kaligirang pangkasaysayan ng *Urbana at Felisa* ay isang lente ng pagtanaw upang maikonekta ang mga patlang ng espasyo ng nakaraan sa kasalukuyang panahon gamit ang teksto.

Ang aklat na ito sa wikang Tagalog ay naipalimbag nang paulit-ulit na nagpapatunay lamang na marami itong mambabasa. Taong 1855 nailimbag ang aklat ngunit isinaad ni Alzona na noong 1864 lamang unang lumabas ang aklat at muling nailimbag noong mga taong 1877, 1889, 1907, 1925, at 1938 (Alzona, 209). Ang muling pagpapalimbag matapos ang Hulyo, 1938 ay noong Enero 1946. Muli itong inilimbag noong Abril, 1946 at Agosto, 1947.

Hindi lamang sa wikang Tagalog ito nakalimbag ang *Urbana at Felisa*. Nakalimbag din ito sa iba pang wika tulad ng Ilokano, Bikolnon, at Bisaya sapagkat may mga salin na sa wikang ito. Isinalin ito sa Iloko ni Caoili noong 1867 at naipalimbag muli sa wikang ito noong 1892. Ang salin sa wikang Bisaya ay inilimbag noong taong 1867.


Binubuo ang aklat ng katipunan ng mga liham ng dalawang binibining sina Urbana at Felisa. Tinagurian din itong aklat na katututuhan ng mga gintong aral. Ginamit na behikulo ni Padre Modesto de Castro ang pagsusulat ng magkapatid upang ipabatid ang mainam na asal ng tao na dapat sundin ng lahat sa kanilang pakikipagkapuwa-tao, bata man o matanda, at babae man o lalaki.

Si Urbana ang nakababata sa magkapatid ay nag-aaral sa isang kolehiyo sa Maynila samantalang si Felisa ay nasa lalawigan (sa aklat, nakasaad ang Paombong, Bulacan kung ang liham ay galing kay Felisa). Matutunghayan sa panimula ng aklat ang unang liham ni Felisa kay Urbana na may petsang Mayo 10. Anim (6) na liham sa kabuuan ang kaniyang naisulat kay Urbana. Samantalang 25 naman ang liham ni Urbana kay Felisa. Tatlong liham mula sa isang pari na walang pangalan na kaibigan ni Urbana at hinilingan ng payo tungkol sa pag-aasawa ni Felisa kay Modesto.

Pundamental na binabasa ng mga Pilipino ang aklat na ito noong panahon ng Kastila. Lumikha ito ng malaking impluwensya sa mga Pilipino bilang isang namumukod-tanging instrumento ng pagbabago ng iba’t ibang perspektiba ng transpormasyon ng mga

kaugaliang panlipunan sapagkat ginamit na behikulo ang pagsusulatan kung saan nakapaloob sa bawat liham ang mga kagandahang-asal at mga kaasalan na dapat

gawin at sundin sa lipunan. Binalangkas at hinimay sa aklat ang tungkol sa mga nararapat ikilos o gawin sa iba't ibang okasyon o pagkakataon, gaya ng mga sumusunod:



Dayagram 1: Balangkas ng Nararapat Ikilos

Ang nobela ay naglalaman ng palitan ng liham ng magkapatid. Ang nakababatang si Felisa ay naiwan sa probinsiya samantalang ang nakatatandang kapatid na si Urbana ay nag-aaral sa isang kolehiyo ng mga babae sa Maynila na puno ng pangangaral sa kaniyang kapatid hinggil sa kung ano ang nararapat ugaliin sa iba't ibang pagkakataon. Binabanggit niya ang mga tukso at panganib sa landas ng kabataan at binibigyang-pangaral hinggil sa kung paano maiilagan ang mga ito. Isa na rito ang ilang pagpapaalala sa tula ng “makapupulot ang dalaga, makapag-aaral ang bata, makaaaninao ang may asawa, makatatamo ang binata ng aral na bagay sa kalagayan nang isa’t isa...” Payo naman ni Urbana kay Felisa ang ganito, “mag-aral ang dalaga nang pag-ilag sa panganib na ikasisira nang kalinisan; at ang kaniyang magandang asal ay magagauang uliran nang ibig mag-ingat nang cabaitan at loob na mataimtiman.” Dagdag pa rito ang pangangaral ni Urbana ukol sa pag-aasawa. Sa mga sulat ni Urbana na “ucol sa pagtanggap nang estado nang matrimonio, ang dalaga, ay makapag-aaral, at

gayon din ang baguntao, at macapupulot nang hatol na dapat alinsunorin bago lumagay sa estado, at cun na sa estado na..” Sa mga sulat ni Felisa kay Urbana na nagsasabing “ang magandang asal nang capatid na bunso na si Honesto, maca pag-aaral ang bata, at maca tatanto nang caniyang catungkulan sa Dios, pagka tanao nang kaliuanagan nang canilang bait...” Binanggit ni Padre Modesto de Castro sa aklat na ang pag-aaral ng *Urbana at Felisa* ay pakikinabangan ng mga tao.

Nahahati sa dalawang dibisyon (dikotomisado) ang mga kaasalang nararapat gawin sa kaakuhang inilalantad nina Urbana at Felisa. Sa pamamagitan ni Urbana, nagbabantad ang mga kautusang ibinabandila ng kaniyang pangalan gaya ng wastong asal sa sarili, sa kapuwa, at sa lipunang kinabibilangan, at pinong pag-uugali ayon sa dikta ng lipunang kinaaniban. Kabilang mukha naman ng mga katungkulan ang itinampok sa kaakuhan ni Felisa; ang batas-etika ng katungkulang hindi lamang sa sarili kundi para sa bayan, higit para sa Diyos, katungkulan ng ina sa anak, paglagay sa estado

at hindi nakaligtas ang katungkulan sa pagsusulat dahil ito ang pinakamabisang instrumentong ginamit noong panahong iyon na nagsisilbing punyal o mitsa ng digmaan o sulo ng kapayapaan. Samakatuwid, subhektibong kautusan ang mga ito sa mga batas ng mga dapat at hindi dapat; mga kautusan na gigiya sa mga mamamayan saan man sila naroroon, anoman ang kanilang estado o kinasasadlakan sa anomang panahon; manipestasyon ang lahat ng ito ng urbanisasyon upang makamit ang iniluwal na kasiyahan o felicidad.

Diskursibong Pagsipat sa Urbana at Felisa

Sa usapin ng pagdalumat ng diskurso, ipinaliwanag nina Wetherell at Potter (1987) sa kalikasan ng diskursibong sikolohiya (discursive psychology) na ang wastong pagpoposisyon at pagrereposisyon ng manunulat sa kaniyang sarili at ang mismong paninindigan niya sa isyu ang bumubuo ng malinaw na imahe ng argumento at pagkilos sa isip ng mambabasa. Ang ganitong konsepto ay litaw na litaw sa panulat ni Modesto de Castro.

Ang papel na ito ay tumatalakay sa sistema ng pagkakasulat at akto ng pagpapalawig sa pamamagitan ng pagsusulatan ng magkapatid na may titulong “Pagsusulatan ng Magkapatid na Urbana at Felisa.” Sa madaling sabi, noong panahong iyon ay nagsilbing handbook ang aklat na ito ng mga Pilipino tungo sa pagkakaroon ng wastong pag-uugali at tamang asal. Ang bawat liham ng magkapatid ay naglalaman ng mga ideolohiya at pananaw na gumagabay sa mga Pilipino noon. Sa kabilang banda, hindi inilalantad ang dambuhalang pangako ng literasi sa wika upang maging mobilisador at katalisador o instrumento ng pagbabago ng pagsusulong sa mga aspirasyong personal, indibidwal hanggang sa mga pagnanasang tumutuon sa materyalisasyon ng panlipunang kamalayan at pagbabago partikular ang usapin ng kagandahang-asal. Aminin man natin o hindi, madalas, ang mga mensaheng nagtataglay ng malusog na substansya ay nagmumula sa akademya, sa hanay ng mga intelektuwal na nagtatataas pa sa empirikal na interpretasyon ng diskurso at hustipikasyon gaya na lamang ng pananaw na ang galing sa siyudad ay mas matalino at mas may alam sa lipunan, kumpara sa nanggaling sa probinsya. Isang tahasang halimbawa ng diskriminasyon. Ngunit maaari rin naman nating sabihin na sa magkapatid, bagamat magkaiba sila ng mundo at kulturang ginagalawan ay nagagawa pa rin

nilang magpalitan ng mga komento at kaalaman. May mga alam si Urbana na hindi alam ni Felisa, ngunit kung minsang may mga nasasabi si Felisa na bago kay Urbana. Huwag din nating kalilimutan na kahit naman nasa probinsiya si Felisa, bukas pa rin ang kaniyang isipan sa mga bagong konseptong inihahatid sa kaniya ni Urbana sa pamamagitan ng panulat. Subalit sa kabilang banda, ang antas ng paggamit ng diskursong ito ay nagsisilbing giya rin upang higit pang mawalan ng interes, malabnawan, kung hindi man ay mahirapang dalumin ng mamamayan ang bawat naratibong ang layon sana ay magsulong ng pangmadlang interes ngunit nakasentro sa nararapat na igawi o ikilos ng isang nilalang sa idinidikta ng lipunan kung ano ang tunguhin o simulain ng kaniyang ikikilos at kung para saan ang mga ito. Naglalandad ito sa katotohanang nalalambungan ang bisa ng salita upang maging pormal na lunsaran ng paghahawan sa mga suliraning tatambad sa lipunan. Sa punto ng pananagumpay, malaking bagay ang pagnanais na iparating sa target na odyens ang pagpili ng salita, ang moda, ang tono, ang artikulisadong paraan ng pagpapahayag, ang emosyon o damdaming paigpawin, ang pagiging satiriko o innuendo, o palaban, o subersibo, o kontrobersyal o konserbatibo, o ang humor. “*The medium is the message*”, wika nga ni McLuhan (1964). Bagamat hindi mapapasubalian ang akdang ito dahil naipakita rito ang pagpapahalaga ng mga Pilipino noong panahong iyon sa mabuting asal, sa wastong pag-uugali, at ang pananalig sa Diyos. Ang bawat palitan ng liham ng magkapatid ay naglalaman ng mga ideolohiya at pananaw na gumigiya sa mga Pilipino noon. Maaari ring ipagpalagay na noong panahong iyon, ang nilalaman ng aklat ay pinakamagandang halimbawa ng koleksiyon ng mga kaisipan at pagpapahalaga ng mga Pilipino ng ikalabingwalong siglo dahil sa pagkakalimbag nito noong 1864. Hindi maitatwa ang katotohanang ang pagbabalik-tanaw sa mga pagpapahalagang tinalakay sa aklat ay maaaring makatulong sa ating kasalukuyang panahon upang lalo nating makilala ang lipunang ating pinanggalingan.

Ayon nga kay Santos (1994), ang obrang *Urbana at Felisa* ay isang mahusay na alulod ng urbanidad at ahente ng kolonisasyon sapagkat dito nila hustong natutunan kung paanong gagarin ang mga gawi ng mga Kastila. Naging bahagi rin ng aklat ang paglalahad ng mga dapat ikilos sa lahat ng larang ng buhay. Pinangunahan ito ng pagtalakay ng tungkol sa

pagpapahalaga sa Diyos at pagsunod sa magulang. Tahasang inilatag din sa aklat ang mga dapat na kilos sa simbahan, ang pakikipagkapuwa-tao, pagdalo sa piging, pakikipagsulatan, pakikipag-ibigan, paglalakad sa lansangan, at paglagay sa estado. Hindi rin kinaligtaang talakayin ang mga dapat igawi ng babae sa lipunan. Ginamit na instrumento ni de Castro ang pagsusulatan nina Urbana at Felisa sa paraang tagubilin upang isa-isahin ang mga paraan at regulasyong dapat gawin ng isang lalaki at babae sa lungsod. Pangunahin sa mga tagubilin ni de Castro ang pagkilala sa Diyos nang higit sa lahat at ang pagdakila sa mga magulang, kahinhinan, ang pagiging masunurin sa mga ipinag-uutos ng nakatataas (i.e. banayad na paraan ng pagpapasunod sa mga nasa pamahalaan lalo na sa simbahan), dagdag pa ang pangaral sa pagiging matimpi, malinis sa diwa at kaanyuan, at ang pagiging mapagpakumbaba. Hindi rin nakaligtas ang wastong pagbabantas sa pagsulat. Ilan lamang ito sa mga estilong ginamit ni de Castro upang ilahad ang mga reglamentong paulit-ulit na ipinaaalala sa pamamagitan ng mga bibig nina Urbana at Felisa. Ang mga nabanggit na pamantayan sa mga dapat kilos ay matamang itinuro sa mga paaralan noong panahon ng Kastila at itinuring bilang mga batas ng kabutihang asal ayon sa pamantayan ng mga kolonisador. Ito ang idyosinkretikong estilo ng panulat ng may-akda.

Isinusulong naman ni Alzona (1895) ang pananaw na “ang mga Pilipino ay hindi na nangangailangan ng “Emily’s Post” upang magturo sa kanila ng ukol sa pakikipagkapuwa-tao, sapagkat mayroon na tayong isang Padre de Castro na nag-iwan sa atin ng mga gintong-aral na dapat ugaliin ng mga Pilipino hindi lamang sa mga nakaraang araw kundi sa ngayon man at sa hinaharap.”

Nakatala sa aklat na ito ang mga nakabibighaning asal ng Pilipino, gayundin ang mga masasagwang kilos na dapat ilagan o iwasan. Mababasa rito ang mabubuting aral sa anak at sa mga magulang na kung susundin ang lahat ay masasabing tayo’y lahing mapapalad at higit na marangal sa lahat. Datapwat, may mga ilang tala na hindi na akma sa kasalukuyang panahon.

Ang mga kasaysayan sa ating bayan ay pawang isinulat ng mga tagaibang lupa na nagsasabi na ang mga Pilipino noong mga unang panahon ay magagalang sa matatanda lalong-lalo na sa magulang at kaanak, maiingat sa katawan, malilinis sa bahay, at marurunong tumupad sa pangako. Ang kahinhinang-

asal ay katutubo sa mga Pilipino. Ang kagaslwan na ating napupuna sa mga kabataan sa ngayon ay hindi katutubong asal kundi dala ng mga dayuhang buhat sa iba’t ibang dako ng sansinukob (Alzona, 1895).

Bantad sa katotohanan ng ‘Moralistikong Pananaw’ o Didaktikong Perspektiba ang naglandas sa aklat na ito. Pastoral ang pangangaral (dala marahil sa bokasyon ng awtor), ang oryentasyon ay nakapangyayari sa mga panghabang-buhay at unibersal na katotohanan, at mga di mapapawing pagpapahalaga. Matalinghaga at lubhang malalim ang Tagalog na ginamit. Tahasan at di mapapasubalian ang ugnayan ng bumabasa sa teksto, naging mabisa sa buhay ang mga kaisipang binigyan ng dugo at laman ng mga elemento ng likhang-isip, kung kaya’t paborito itong basahin sa lahat ng tahanan ng mga Pilipino noon. Sa perspektibang didaktiko, tulad nito, napahalagahan sa ganitong kritikal na oryentasyon ang prinsipal na papel ng may-akda bilang saserdote, siya ay isang pambihirang nilalang na may kakaibang lalim at lawak ng isipan na kaniyang inihandog sa mga Pilipino.

Simboliko naman ang mga pangalang ginamit; ito ay sumasagisag sa mga kabutihang-asal. Magmula sa pangalan ng may-akda na si Modesto, ito ay nangangahulugang mayumi at disente. Ang Urbana ay sumasagisag sa urbanidad, pagiging sopistikada, at may kaalaman sa kagandahang-asal. Malinaw na ibinabadya ng kaniyang pangalan ang katotohanang nag-aaral siya sa isang kolehiyo sa Maynila at ang kaniyang kapatid naman na si Felisa ay ipinapamaraling maligaya, masaya. Maging ang bunsong kapatid na si Honesto ay hindi rin nakaligtas sa sinasagisag ng kaniyang pangalan na may kahulugang marangal, matapat, at malinis na budhi. Panghuli, maging ang guro ni Urbana na si Prudencia ay may ipinapahiwatig ding kahulugan na maingat, mahinhin, at mabini. Ang antas ng paggamit ng mga sagisag sa pangalan ng mga tauhan ay gumigiya sa nais ipaunawa at ipangalandakang kahulugan na nakaangkla sa mga kabutihang-asal na nakalundo sa nais ipaabot ng may-akda sa mga mambabasa gamit ang wikang Tagalog bagamat ang mga pangalang ginamit ay may bahid ng wikang Espanyol.

Kung gayon nga, sang-ayon na rin sa kaisipan ni McLuhan (1964), may mahalagang gampanin ang wika sa pagbibigay ng kahulugang nais iparating ng awtor sa target na mambabasa. Upang pagtibayin ang kaniyang mga aral ay humango si Padre Modesto de Castro sa Banal na Kasulatan na akma sa kaniyang mga

isinulat. Sa simpleng salita, naging “mouthpiece” niya ang magkapatid sa paghahatid ng aral.

Nag-uumapaw ang mga tagubilin ni Urbana kay Felisa. Maging ang kanilang pagsasalitaan ay di mapapasubaliang mga usapin hinggil sa nararapat iasal kung nasa simbahan, sa eskwelahan, nasa aliwan, namamasyal; gayundin ang wastong asal sa pagdalaw, maging ang nararapat gawin sa sarili at ang kalinisan ay hindi nakaligtas. Binigyang-diin din ang wastong bantas at gamit sa pagsulat na noong mga panahong iyo’y napakatibay na sandata.

Bagamat napakatagal na ng panahon ang lumipas sa pagkakalimbag ng aklat, masasabing sa isang banda, kung sisipating mabuti ay maituturing na ang ilang nabanggit na aral sa aklat ni de Castro ay angkop pa rin sa ating panahon tulad ng kaasalan sa kapuwa, simbahan, piging, at pagdalaw. Sa nararapat iasal sa piging, ang sulat na ito ni Urbana kay Felisa ay mga bilin niya sa kaniyang dalawang nakababatang kapatid tungkol sa karapat-dapat na asal nila kapag sila’y naanyayahan sa isang piging sapagkat maaaring makasira sa imahe ang maling gawain. Una, sinabi niyang pagdating sa bahay ay kailangang bumati ng “magandang gabi” o “magandang araw” sa may bahay, saka isusunod ang mga kaharap. Huwag magpapatuloy sa kabahayan hanggang hindi inaanyayahan. Bago lumuklok ay hintayin muna na pagsabihan at huwag pipili ng mahal na luklukan. Iwasan ang mamintas, itago na lamang sa sarili. Litaw na litaw sa puntong ito ang paghihiwatigan nating mga Pilipino lalo na kung saang posisyon at sino ang nararapat umupo sa luklukan dahil ito ay may ipinahihiwatig na katungkulan o posisyon. Idinagdag pa ni Urbana na kapag nasa mesa ay huwag makikiluklok sa matatanda at sa pagkain ay iwasan ang pag-ubo, pagsinga, o pagbahin. Huwag ding magpapauna sa matanda sa pagsubo - sa pahiwatig ito ay nangangahulugang kawalang-galang sa nakatatanda. Dagdag pa niya na iwasang kumaing namumuno ang bibig, dalas-dalas at malalaki ang subo. Masama ang mahalatang maibigin sa alak. Huwag magpahuli sa lahat sa pagkain at huwag namang magpapauna ng pagtindig - pahiwatig pa rin ng kawalang-galang sa mga nakatatanda. At sa pag-alis, sinabi ni Urbana na bago umalis sa dulang ay magpasalamat sa Diyos, ang dapat mamuno ay ang may-bahay. Magpasalamat sa may-bahay. Bagamat, mangilan-ngilan na lamang o marahil ay mabibilang na lamang sa mga daliri ang sumusunod sa ganitong kaasalan.

Sa isang banda, kung dadalumating mabuti, ang bawat isa’y masasabing gamitin ito lalo na sa “paghihiwatigan” nating mga Pilipino, Kinagawiang komunikasyon natin ang penomenog ito dahil ito’y nakalublob sa ating kultura. Ayon kay Maggay (2002), maraming mekanismo ang Pilipino sa pagpaparating ng niloloob o iniisip. Habang tumataas ang antas ng pakikipagpalagayang-loob, tumataas din ang berbalisasyon at pagtatapatan ng tunay na damdamin at kaisipan. Sa sandaling ang “ibang tao” ay ituring na “di ibang tao”, magaang na naibubulalas ang nasa sa loob; naihahayag ang sadyang totoo; at ang pormal na pakikitungo ay madalas napapalitan ng pagbibiro, harap-harapang pagpapahayag, at masayahing pakikipag-usap. Ang mga binanggit ni Padre Modesto de Castro ay nasa hangganan ng “linya ng ibang tao” lamang dahil sa kulturang Pilipino. Hindi maiiwasan ang maaanghang na biro hanggang sa umabot sa panunudyong dahil sa lubos namang kilala ang mga kausap lalo na’t kung kabarkada o ‘kaberks’ (sa bulgar na salita) ang linya ng kahatulan ng usapan ay naiiba pagdating sa antas ng “di ibang tao” na hindi na maisasaalang-alang ang mga aral ni de Castro.

Datapwat, sa isang banda, upang maging pantay ang timbangan, masasabing may ilang bahagi sa aklat, tulad ng ilang mga aral sa dalaga, ay maaaring sabihing hindi na akma sa panahong ito. Dahil sa matuling pagbabago ng ating kabuhatan na hatid ng bagong kabihasan. Ayon sa aklat, ang isang dalaga ay di dapat na maglakad mag-isa nang huwag matukso o malapastangan, gaya ng mapagbiro at mapagsamantalang mga lalaki. Ang ganitong kaasalan ay bihirang-bihira nang maganap sa kasalukuyang panahon. Gayundin, hindi dapat makikipag-usap nang mag-isa sa lalaki at baka siya’y pagparinggan ng mahahalay na salita. Sa panahon natin ngayon, panahon ng digital, ang mga babae ay kahalubilo na ang iba’t ibang kasarian kahit na sa kapuwa babae, nakikihalubilo na rin sa iba’t ibang kilusang panlipunan, hindi na lamang sa bahay ang mga babae. Nagtatrabaho na ang kababaihan sa ngayon at kadalasang magtatrabaho pa uli sa mga gawaing-bahay pagkagaling sa trabaho. Nabigyan na rin ang kababaihan at kalalakihan ng puwang sa lipunan kumpara sa isinulat ni Padre Modesto de Castro. Malaki na ang isinulong ng ating lipunan pagdating sa pag-uugali ng lalaki’t babae. Kung sususuyin ang isinulat sa aklat, mababanaag ang ugali ng lalaki na parang mabangis na hayop na walang inaabangan kundi ang masunggaban at mapagsamantalahan ang babae. Naging likas na sa

karamihan ng mga lalaki nang panahong yaon ang maging mapagsamantala sa paglugso sa kapurihan ng isang babae sa bawat pagkakataon na dapat layuan, Ilagan, at katakutan ng mga babae (Alzona, 1895). Sa situwasyon sa kasalukuyan, hindi na mahalay malasin ang babae kung maglalakad o maglalakbay nang mag-isa, gayundin naman kung makipag-usap sa lalaki ay hindi na manganganib. Mas nakararami ang mga babae sa Pilipinas kumpara sa mga lalaki. Tahasan na rin ang usapan ng iba't ibang gender sa chat room, sa iba't ibang platform ng mga social networking site. Mas liberal at hayagan ang mga paksang tinatalakay at wala na halos parametro ang nakatakda. Virtual ang usapan ng mga babae at lalaki, bakla at tomboy, bisexual at transgender, queer, at iba pang gender sa social media kaya madali ang magpahayag at magkubli sa katotohanan at nagagawa ng iba na manloko dahil sa nakatago nitong identidad.

Sa isang banda, may hinirang naman si Padre Modesto de Castro na bagong tao na maging huwaran ng mga binata. Pinangalanan siyang Amadeo at naging kabiyak ni Felisa. Ang isa namang sulat ay nagpapaunawa ng mga kailangan sa magsisipag-asawa upang lumawig at lumigaya ang kanilang pagsasama. Labing-apat na bagay ang binanggit sa aklat na kailangang isaalang-alang. Binigyang-tuon din ni de Castro ang tungkol sa kalasingan. Tinuligsa niya ang mga kasamaang ibinubunga ng pagkalasing na nakasisira sa kaluluwa at katawan ng tao.

Isa ring bahagi sa aklat ang pagtalakay sa maraming aral na ukol sa mga magulang. Buong kahinahunang ipinaliwanag ni Padre Modesto de Castro ang tungkulin ng mga magulang sa kanilang mga anak, ang pagtuturo ng kahinhinan, ang pagkatakot sa Diyos at iba't iba pang ikabubuti ng kaluluwa at katawan. Makikita ito sa kaasalan sa sarili na dapat gawin ni Honesto, sa simbahan at sa eskwelahan.

Marami pang tagubilin sa mga magulang na dapat nilang ituro sa kanilang mga anak ang ipinangalandakan ni de Castro, ngunit sa panahong ito ay tila nakakaligtaan na ng ilang magulang ang magturo sa kanilang anak ng lahat ng kailangan sa ikabubuti ng buhay. Marahil ay dahil sa paniwalang ang paaralan ang may tungkuling magsabalikat ng bagay na ito. Isa pa, kapuwa abala ang mga magulang sa paghahanap-buhay dala na rin ng takbo ng panahon. Kaiba sa kalagayan noon na bawat bakuran ng tahanan ay may tanim na mga gulay at prutas at may mga alagang hayop kaya't kahit ama lamang ang naghahanap-buhay ay sumasapat sa

pangangailangan ng pamilya. Taliwas sa kasalukuyan na maging ang tubig ay hindi na maaaring hingiin, lalo na sa Maynila, wala ng libre, lahat ay tumataas maliban na lang daw sa mga unano, pahayag ng ilan na idinadaan na lamang sa biro. Wala na ring mapagtamnan dahil walang sapat na espasyo para rito lalo na sa Maynila na mahal ang presyo ng lupa. Gayumpaman, nakaatang pa rin sa mga magulang ang kabutihang dapat asalin ng bata, nakasalalay pa rin sa kanila ang paghubog ng kaisipan at katauhan ng bata.

Ang aral tungkol sa katungkulan sa bayan ay ibinilin ni Urbana kay Felisa na ituro kay Honesto sakali't siya ay maglilingkod sa bayan. Ang mga tagubiling ito ay napapanahon sa kasalukuyan. Isa sa mga tagubilin ay ganito:

Cailan mai houag lilimutin nang puno ang
caniyang
catungkulan, lumingap sa lahat, mahal man at
hindi,
sapagkat cun ang paglingap niya ay laganap sa
lahat
ay di lamang siya ang mamahalin nang tauo,
cundi
sampo nang kaniyang familia, at sa panahon
nang
caguipitan, ay di magpapabaya ang kaniyang
pinagpaquitaan nang magaling.

Pacatatandaan, na ang isang guinoo, o mahal na
marunong tumupad sa catungculan, tapat na
loob
sa manga caibigan, mapag-ampon sa manga
mabababa,
maauain sa mahirap, ang ganitong mahal ay
ligaya
at capurihan nang bayan, at hari nang lahat
nang puso.
Sa batayang uica'; ang tunay na camahalan, ay
nasa
pagmamahal sa asal, at sa paggawa ng magaling.

Ang bahaging ito ay naglalaman ng panghabang panahong batas. Nang ito'y isulat ng may-akda, marahil ay di niya nagugunitang ang kaniyang tinubuang bayan ay darating sa isang panahong ang pagtupad ng katungkulan pambayan ay malalagay sa kamay ng pinagpupunuan at ng di namumuno lamang. Hindi niya marahil naisip na tayo'y sasapit sa panahong ang tao ang maghahangad sa isang tungkulin, haharap

sa bayan at magsasabing ibig niyang maglingkod, siya'y isang bayaning makapagligtas sa kaaba-abang kalagayan ng kaniyang mga kababayan, siya'y isang matalinong magiging takbuhan ng mga sinasawi ng kapuwa-tao, siya'y isang mayamang nahahandang mag-abuloy sa lahat ng nagsasalat, at sa ibang salita, siya'y isang bagong Mesias na sumilang sa Belen upang tumubos sa sangkatauhan.

Winika ni Urbana ang ganito:

“Ang mga camahalan sa bayan, ang cahalimbawa'y korona na di ipinagkaloob cundi sa may carapatan, caya di dapat pagpulang camtan cundi tanggihan, cung di mapupurihan; ang camahalan at carangan ang dapat humanap ng ulong puputungan, at di ang ulo ang dapat humanap ng coronang ipuputong...”

May mga kaugaliang pangkaraniwan dito sa Pilipinas na pinupulaan ni Padre Modesto de Castro, gaya ng nauukol sa handaan at pagsasaya sa bahay ng namatayan, na magpahanggang ngayon ay iyan at iyan din ang mga ugaling umiiral sa ating mga bayan. Aniya:

“Cun dumadalao sa patay ay iilagan ang tauanan at nang di uicain nang namatayan na di sila dinaramayan ay inaaglahi pa ang canilang hapis. Ang ipapanhic ay muchang nagpapaquita ng lumbay at ang ibabati sa may bahay ay uicang pagdamay sa saquit. Ilagan ang maingay na pangungusap at nang di maañgat sa pagdamay sa hapis na kanilang layon. Capootan ang pagbibiroan at nang di uicaing walang pinag-aralang mahal na asal.”

Ang kaugalian tungkol sa pagluluksa ay pinapansin din ng may-akda. Ang wika niya:

“May naquiquita ca namang na pasa sa bahay nang patay na may panyong lucsa at ang baroi pula. Ano ang ipinaguiica sa canila nang manga tauong ito? Tulig. May naquiquita ca namang anac na naglulucsa sa Magulang o asaua, ay di matagalan nang dalauang buan at inaalisa na ang lucsa.”

Ano pa't kahit na maikli ang aklat na ito ay punung-puno naman ng mahahalagang tagubilin na mapapakinabangan at magagamit ng lahat kung ukol din lamang sa ikapagkakaron ng karangan ng bawat isa. Ito'y isang aklat na maihanay sa mga lalong piniling aklat o klasika ng iba't ibang bansa at hindi mahuhuli sa lahat ng mga aklat na naisulat na.

KONGKLUSYON

Sa akdang *Urbana at Felisa*, ang wika ay ipinapalagay na reperensyal; hindi nito inaangkin ang kapangyarihan bilang wikang walang kahulugan maliban sa mga taglay na salita kundi isang kalipunan o sistema na nagtuturo roon sa iba pang realidad na nasa labas ng wika. Sa madaling salita, ang wika ay instrumento lamang upang ibaling ng mga mambabasa sa mga panlabas na realidad na matatagpuan sa personal o pampublikong buhay ng isang nilalang. Simbolismo ang ginamit na mga pangalan; sumasagisag sa nararapat na kilos at ihayag. Mapapansin ang uri ng wikang ginamit sa aklat at ang baybay ng mga ito ay tahasang matutukoy na sinasalamin nito ang Tagalog nang panahong sulatin ang aklat.

Sa aklat na “Kritisismo: Mga Teorya” ni Reyes (1992), sinabi niya na ang mga panitikan (lalo na noong ikalabinsiyam na dantaon) ay ginamit tungo sa mga dahilang hindi matatawag na estetiko. Isinulat ang mga dalit, tulang relihiyoso, at maging ang mga akdang prosa upang magamit sa kolonisasyon, Hispanisasyon, at Kristiyanisasyon ng mga katutubo. Ang akdang ito na isinulat ng isang pari sa panahon ng pananakop ng mga Kastila ay nakatuon sa mabubuting aral at mahahalagang tagubilin. Mahirap matukoy kung hanggang saan ang bisang naidulot ng aklat na ito sa mga Pilipino lalo pa't mahirap nang matagpuan sa mga bookstore ang aklat na ito sa kasalukuyan. Sa pagsusuri

ni Alzona sa kaniyang “Ang Bisa sa Lipunang Pilipino ng Urbana at Felisa” sinabi niyang “kung itatanong sa akin kung aling aklat sa panitikang Tagalog ang sa ngayon ay dapat basahin ng lahat ng mamamayan ay wala akong maitutugon kundi ang “Urbana at Felisa” ni Padre Modesto de Castro. Sa aking palagay ay nararapat na ipalimbag ang aklat na ito ng pamahalaan at ipamudmod sa lahat ng Pilipino upang ang tilamsik man lamang ng mabubuting aral at tagubilin ni Padre Modesto de Castro ay mapaukit sa puso’t diwa ng bawat kabataan na siyang maipagkakapuri ng ating lahi at magpapakinang sa kanilang katayuan sa mga ginintuang dahon ng haharaping panahon. Dagdag pa niya, “kung tunay na patay man ang kumatha ng Urbana at Felisa, ang pangalan naman niya ay buhay pa rin sa ating mga guniguni, sapagkat siya ang tanging nakapag-iwan sa atin ng isang lapat at mabisang gamot na nagbibigay-lunas sa lasong makamandag na nasasanghap ng ating mga kabataan. Ito’y ang mali at di tumpak na gawain ng ating kabataan sa ating lipunan sa ngayon. Ang kaniyang iniwan ay isang mahalagang hiyas na magpapatampok ng karangalan sa bawat sumupling na bunso ng Inang Bayan. Sa ating pagtahak sa magulong landas ng buhay, nawa’y ang mahalagang hiyas na iyan na kaniyang iniwan ay magsilbing tanglaw sa pagtalunton natin sa tugatog ng walang hanggang tagumpay”.

Marahil ay walang kaguluhan sa ating bayan kung talagang maisasabuhay ang mga aral ng may-akda ngunit hindi ito ang realidad dahil nariyan pa rin ang katotohanang may mga puwersa ng kadiliman na naglulunoy sa ating lipunan; mga namamayagpag upang mamayani ang kanilang kapangyarihan at puwersang naninibasib sa mga mahihina; at sa ubod ng ganitong kalagayan, malalim ang mga pinag-ugatan nito dahil sumala sa mga kabutihang-asal. Mahapdi man sa mata, lumalatay man sa katawan, mahirap man tanggapin ang katotohanang ito—ngunit ito ang tunay na kulay at pangyayaring nagaganap sa kasalukuyan—marahil manlulupaypay at maghihinanakit ang may-akda sa kalagayang ito ng ating bayan kung siya’y nabubuhay; o di kaya’y isa siya sa mananawagan sa lahat ng magulang, kabataan, at sa lahat sa mga politikong nagnanais humawak ng kapangyarihan sa darating na halalan—nawa’y hindi pa huli ang lahat!

Ang *Urbana at Felisa* nawa’y di lamang manatiling aklat, manapa’y umukit sa kaibuturan ng bawat isa.

Ang pagkakasanay sa pailalim na paghihimagsik noong panahon ng kolonisasyon ay maaaring

pinanggagalingan ng pagkasuwail natin sa kasalukuyan. Madalas tayong magtangkang lumusot at ikutan ang batas, at nang maisahan ang mga awtoridad at makapangyarihan.

Lahat ng kultura ay may panloob na pakahulugan na kailangang pasukin at unawain muna sa loob upang mabatid kung ano ang saysay nito at kabuluhan. Ang pananaw na ito ay mahalaga lalo na sa mga panahong nadadala tayo, nagsusuri ng kultura, at hinihila ito sa mga direksyong nagmumula sa mga puwersa sa labas. Marahil ang ating “pagkawala sa sarili” ay matutugunan ng panunumbalik ng kakayahang magturing at bigyan ng pangalan ang likas na katauhang matagal na nalingid sa ating kamalayan. Wika nga ni Maggay (2002) “nawa ang pag-aaral na ito ay magsilbing munting ambag sa panawagan na manumbalik tayo sa ating sarili.”

Nais kong wakasan ang talakay mula sa mga katuruang isinaad sa akda na sana’y tumimo sa ating isipan at magluwal ng bagong silang na kaisipan sa panahon ngayon:

“Ang wiwikain ko ay pinapalad ako, at ang kahalimbawa ko ay nagsabog nang binhi, ay ang tinamaan ko ay mabuting lupa.

“Ang kamahalan at karangalan ang dapat humanap ng ulong puputungan, at di ang ulo ang dapat humanap ng koronang ipuputong. Ang karangalan, sa karaniwan, ay may kalangkap na mabigat na katungkulan. Ang magnasang magkamit ng kamahalan sa bayan, sa karaniwan ay hindi magandang nasa.”

“Ang karangalan sa mundo ay para rin ng mundo na may katapusan. Huwag magpakita ng kalupitan sa pagnanasang igagalang ng tao. Huwag kalilimutan ang katungkulang lumingap sa lahat, mahal man at hindi. Katapatan ng loob sa kaibigan, mapag-ampon sa mababa, maawain sa mahirap at tumupad sa katungkulan ay pupurihin ng bayan.”

“At sa kinakamtan kong tuwa ang nakakaparis ko ay isang magsasakang kumita nang aliw, uupo sa isang pilapil, nanonood ng kaniyang halaman, at sa kaniyang palayan na parang inaalon sa hirap nang hangin, at sa bungang hinog na anak ay butil na gintong nagbitin sa uhay, ay kumita nang saya.”

SANGGUNIAN

- Alzona, Encarnacion. 1895. "Ang Bisa sa Lipunang Pilipino ng Urbana at Feliza." Print.
- Lachica, Veneranda. 1996. *Literaturang Filipino*. Grand Water Publishing. Print.
- Maggay, Melba P. 2002. *Pahiwatig, Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*. ADMU Press. Print.
- Martinez, Juliana. 1938. *Urbana at Felisa*. Aklatang J. Martinez, Doroteo Jose, Maynila. Print.
- McLuhan, Marshall. 1964. *By Mentor, Understanding Media: The Extensions of Man* New York; MIT Press, Cambridge. Print.
- Potter, J. & Wetherell, M. 1987. *Discourse and Social Psychology: Beyond Attitudes and Behaviour*. London: Sage. Print.
- Reyes, Soledad S. 1992. *Kritisismo*. Anvil Publishing, Inc. Print.
- Santos, Ronell. 1994. "Ang Lipunan at Kasaysayan sa Urbana at Feliza." *Di-inilathalang tesis*. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Print.